# ARIEL SOTELO TABÁG

ARIEL SOTELO TABÁG. Ilokanong manunulat. Nakatanggap na ng mga gantimpala at *grant* mula Palanca, NCCA, KWF, NBDB, at ilang patimpalak sa Kailokanuhan para sa kaniyang mga nobela, maikling kuwento at tula. Awtor ng *Karapote* (koleksiyon ng maikling kuwento), *Ay, Ni Reberen! (*nobela), *Panangarakup iti Ipus ti Layap (*kalipunan ng mga tula), *Kapessat ti Bagis* (nobela), *Panangsapul iti Puraw a Kabalio* (nobela), *Villa ken Dadduma Pay nga Ababa a Sarita* (koleksiyon ng maikling kuwento), at *Voice Tape ken Dadduma Pay a Napili a Sarita* (koleksiyon ng piling maikling kuwento). Kasapi sa patnugutan ng *Bannawag Magazine.* Nagsasalin ng mga akda ng mga manunulat na Ilokano. Ipinanganak sa Villa, Santa Teresita, Cagayan at nakatira sa Quezon City kasama ang asawa at dalawang anak.

# ITI NAGAN NI APO MUGNA

Ti panagipaay iti kaipapanan, panangsukisok iti puro.

Maduktalan ti kinalawa ti ipabpabus-oy ti daga iti baybay
Nupay pakaammo ti panagbaybay-a, palagip iti akem.

Maammuan ti nabatbati a kinasaliwanwan ti talon ken bakir
Sakbay ti naikeddeng a tiempo ti panaginana, ken yaanges.

Maarisit dagit sugat ken sakit nga impaay dagiti bambanig—
Burangen a simmelsel iti lemmeng, ken iti kinakurapay ti isip.

Daytoy a libut ti pakaammo a kas kalitnaw ti law-ang
Tulag iti dios a dagiti sagibo, ipaayda latta iti namnama.

Masuknalan dagiti darepdep ti tunggal banag ken addaan
biag
Maamiris ti adda a panagkaingas ti namaris nga aglawlaw,

Iti nagan ni Apo Mugna, iti kannawidan ti Namarsua,

# SA NGALAN NI APO MUGNA

Gawi ng pagsasaysay ang paglibot sa bawat sulok ng isla.

Nababatid ang lawak ng ipinauubaya ng lupa sa dagat
Bagaman pabatid ng pagpapabaya, paalala sa tungkulin.

Nalalaman ang nalalabing kasaganaan ng bukid at gubat
Bago ang itinakdang panahon ng pahinga, at paghinga.

Nasisiyasat ang mga sugat at sakit na hatid ng bambanig—
Malignong[1] nagkukubli sa mga gilid, sa kasalatan ng isip.

Itong prusisyon ang paglalahad na singlinaw ng kalawakan
Kasunduan sa bathala na ang mga supling pa rin ang pag-asa.

Nadadalaw ang mga haraya ng bawat bagay at may buhay
Napagtatanto ang pagkawangis sa kapaligirang makulay,

Sa kalinangan, sa ngalan ni Apo Mugna, ang Maylikha.

---

1 *Espiritu o maligno na may kakayahang maging iba't ibang hugis upang lituhin at takutin ang mga tao. May kakayahang maging pusa, puting ahas, itim na aso, malaking ibon, o maamong manok.*